# NGU

(tinatawag din na non-gonococcal urethritis at non-specific urethritis)

Ang ibig sabihin ng "urethritis" ay pamamaga sa urethra (ang tubo na dinadaanan ng ihi), isang kondisyon na kadalasang sanhi ng isang Impeksyon na Nakukuha sa Pakikipagtalik [Sexually Transmitted Infection (STI)]. Ang NGU ay isang karaniwang uri ng urethritis na dulot ng isang STI maliban sa gonorrhea. Ang karaniwang sanhi ng NGU ay chlamydia, mycoplasma, o trichomonas.

## *Paano kumakalat ang NGU?*

Ang mikrobyo na sanhi ng NGU ay ipinapasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng vaginal, anal, at oral sex.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

- Napapaso o nananakit sa pag-ihi
- Pananakit o pangangati sa loob ng penis
- Discharge mula sa penis

## *Malubha ba ang NGU?*

Paminsan-minsan, ang NGU ay maaaring magdulot ng impeksyon ng mga testicle (balls). Kung ang mga mikrobyo ng NGU ay naipapasa sa isang partner na may vagina, maaari itong humantong sa malubhang impeksyon na tintawag na pelvic inflammatory disease (PID). Maaaring makapinsala ang PID ng mga fallopian tube at mas malamang na magkaroon ng "tubal pregnancy" (sa labas ng matris), na maaaring nakamamatay. Ang PID ay maaari ding humantong sa pagkabaog—ang kawalan ng kakayahan na mabuntis.

## *Ano ang mangyayari kung mayroon akong NGU?*

- Bibigyan ka namin ng antibiotic kung masuri namin ang NGU sa panahon ng iyong pagbisita. *Mahalagang tapusin ang iyong gamot para ganap na gumaling sa impeksyon.* Ang antibiotic na ginagamit namin para gamutin ang NGU ay ginagamot din ang chlamydia. Kung ang pagsusuri sa iyong ihi ay positibo para sa mycoplasma genitalium (M. gen), kakailanganin mong bumalik sa klinika para sa karagdagang antibiotic.
- Ang iyong mga sex partner ay dapat magpasuri at magpagamot. Kung hindi sila magamot, maaaring maibalik nila ang impeksyon sa iyo, o makahawa sa iba.
- Huwag makipagtalik sa loob ng isang buong linggo pagkatapos mong simulan ang iyong gamot. Huwag makipagtalik sa iyong partner habang pareho kayong umiinom ng inyong gamot.
- Kahit negatibo ang naging pagsusuri sa iyo, hindi ito nangangahulugan na wala kang STI. Mayroong ilang iba't ibang sanhi ng NGU, ang ilan ay wala kaming magamit na pagsusuri. Tapusin ang iyong gamot kahit na ang lahat ng pagsusuri ay negatibo.
- Kung ang iyong mga sintomas ay hindi nawawala sa panahon na matapos mo ang iyong gamot, bumalik sa klinika para sa muling pagtataya bago magpatuloy sa sekswal na aktibidad.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng NGU?*

Kung iniisip mong makipagtalik sa isang bagong partner:

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Tanungin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa doxy-PEP.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang isang sexual partner ay mayroong mga sintomas ng STI, kabilang ang discharge, napapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.

**Para sa higt pang impormayon:**
Magyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org